Espesyal na Edisyon

**Pampamilya**

SDGs未来都市·堺
Sustainable Development Goals Future City, SAKAI CITY

# Paghihiwalay ng Resources at Basura +α Malawak na Diksyunaryo

## Lata / Bote
2 beses sa isang buwan

Bawat buwan ____ / ____ beses na ____ (araw)

*Itapon ang lata ng spray/ cassette cylinder sa basurahan para sa maliliit na metal

## Plastik na lalagyan at pambalot
1 beses sa isang linggo

Bawat linggo ____ (araw)

*Kung hindi maalis ang mga nakadikit na dumi, o kaya ay nalilito kung saang basurahan itatapon, mangyaring itapon sa basurahan na para sa household garbage.

## PET Bottle
2 beses sa isang buwan

PET

Bawat buwan ____ / ____ beses na ____ (araw)

*Yupiin at saka itapon

## Maliliit na Metal
1 beses sa isang buwan

(Hindi kasali ang mga kasangkapang elektroniko sa bahay)

Bawat buwan ____ beses na ____ (araw)

## Household garbage
2 beses sa isang linggo

Bawat linggo ____ / ____ (araw)

## Malalaking basura (May bayad)
## Hindi masusunog na maliliit na bagay (Libre hanggang 3 supot)

Kailangan ng aplikasyon para sa pagtatapon

Kinakailangan ng aplikasyon sa sentro ng tanggapan ng malalaking basura (Large Garbage Collection Reception Center)

## Basura na may merkuryo at iba pa
(fluorescent tube/mercury thermometer at iba pa)

Lokasyon ng Koleksiyon

◎Direktang ilagay sa box para sa pagkolekta ang fluorescent tube at iba pa

◎Dalhin sa shop na nakikipagtulungan para sa pangongolekta

Sa oras na namoroblema sa paghihiwalay ng basura ay ikumpirma sa Encyclopedia sa Paghihiwalay ng Basura ♪



Mascot character ng Kalinisan ng Lungsod ng Sakai "Muyan"

堺市 SAKAI CITY

## Nilalaman


4 na pakiusap mula sa Lungsod.........

**Regular ang pangongolekta**

Lata / Bote ........ 1
Plastik na lalagyan at pambalot ........ 2
PET Bottle ........ 3
Maliliit na metal ........ 4
Household Garbage ........ 5
Paano ang pagtatapon ng mga pang-medikal na ginamit sa bahay ........ 6
"さんあ〜る (3R)" App para sa paghihiwalay ng basura ........ 6

**Lokasyon ng Koleksiyon**

Basura na may merkuryo at iba pa (fluorescent tube/mercury thermometer at iba pa) ........ 7
Maliit na kasangkapang elektroniko ........ 8
Ink Cartridge ng mga Printer ........ 8

**Kailangan ng aplikasyon para sa pagtatapon**

Malalaking basura ........ 9
Pansamantalang basura ........ 10
Suporta sa Pagkolekta sa Pamamagitan ng Personal na Pagpunta (Fureai Sapoto Shushu) ........ 10

Dalhin sa Clean Center Incineration Plant ........ 10

**Mga bagay na hindi maaaring kolektahin ng Lungsod**

Mga bagay na hindi maaaring kolektahin ng Lungsod ........ 11
Mga recyclable na computer ........ 11
Aircon/ telebisyon / refrigerator (freezer)/washing machine ........ 12

**At iba pa**

Pangkatang pagkolekta ng mga ginamit na papel/ damit ........ 13
Programa sa pagsusulong ng pagpapaganda ng bayan ........ 14
Ang illegal na pagtatapon ay isang krimen ........ 15

**Sa mga oras na hindi inaasahan at iba pa**

Paano magtapon ng basura sa oras ng sakuna ........ 16
Pagkuha sa namatay na maliliit na hayop gaya ng aso/pusa at iba pa ........ 17



Departamento ng Pampublikong Kalinisan ng Lungsod ng Sakai
Pahina para sa Basura/Recycle
https://www.city.sakai.lg.jp/kurashi/gomi/gomi_recy/index.html

# 4 na pakiusap mula sa Lungsod

## 1. Hindi nababawasan ang mga basura sa bahay！

Ang bilis ng pagbabawas ng basura sa bahay ay bumabagal. Kung hindi mababawasan ang dami ng basura, ang pasanin ng tumatanda na ring planta sa paglilinis ay tumataas, sa hinaharap ay malamang na magkaroon ng problema ang sitwasyon sa kaayusan ng pagtatapon.

Pagtrabahuhan na mabawasan ang hindi na kailangang pagkain at mga plastik na pang-isahang gamit, **sikaping hanggang sa taong 2030 ay mabawasan ang dami sa 1 katao sa 1 araw nang halos parehas sa isang pirasong itlog (halos 60g)!**



Sa loob ng mga household garbage na pinagtatapon na "pagkain na hindi man lang nagalaw"

### ★Sa loob ng mga household garbage ay ang " mga nasasayang na pagkain (food loss)" na pinagtatapon.

Ang mga nasasayang na pagkain (food loss) ay mga pagkain na itinatapon kahit na makakain pa, kasama na dito ang "pagkain na hindi man lang nagalaw"ang nadadagdag (halos 7% ng household garbage).Sa maliit na mga pamamaraan ay maaaring mabawasan ang mga nasasayang na pagkain (food loss). Una, bilhin lamang ang mga kinakailangang sangkap, gamitin hanggang sa maubos.

## 2. Sa loob ng mga household garbage ay maraming nakasamang mga bagay na maaaring marecycle!

**Sa loob ng mga household garbage, ang nakapaloob na maaaring marecycle ay halos 24%.**

Ang wastong paghihiwalay ng mga recyclable ng mga bagay ay magkakaroon ng koneksyon sa pagbawas ng mga pasanin ng planta sa paglilinis.




Sa mga maaaring marecycle na bagay, ang mahigit kalahati ay papel tulad ng diyaryo at karton at iba pa. Ang pangkatang pagkolekta sa komunidad (p13) ay gamitin at iba pa , saka ang recycle ay maayos na ipagpatuloy.

## 3. Hindi maaaring marecycle ang PET bottle!

Tiyaking naalis ang takip at label!

Ang PET bottle, kapag may takip pa at label ay hindi maaaring marecycle.
Ang mga PET bottle na nakolekta subalit may takip at nakadikit na label, **ang karamihan nito ay hindi marecycle kaya sinusunog sa planta ng paglilinis ng Lungsod ng Sakai.**



Tiyakin na naalis ang takip at label para marecycle. (Ang naalis na takip at label ay isama sa plastik na lalagyan at pambalot)

## 4. Madalas na nagiging sanhi ng sunog ang maliit na rechargeable na baterya!!

Huwag isama sa basura!! Magkakasunog...

**Ang smarthphone at mobile battery at iba pa ay may nakapaloob na maliit na rechargeable na baterya na nagiging sanhi ng sunog na sa loob nga lamang ng Lungsod ay ilang beses na nangyayari sa isang taon, kaya lubhang mapanganib.**
Ang mga maliliit na rechargeable na baterya ay dapat na hawakang may pag-iingat dahil maaari itong umusok o umapoy nang malubha kapag nasira, na-deform o na-compress. Lalo na kung ang rechargeable na baterya ay isinama sa iba pang basura na itatapon, may panganib na umusok/umapoy ang sasakyan na kumukolekta ng basura o ang planta ng paglilinis habang nasa proseso dahil sa labis na puwersa.







Ang lungsod ay hindi maaaring kumulekta, kaya kapag magtatapon, mangyaring ilagay sa "Recycle BOX para sa maliit na rechargeable na baterya" na nakalagak sa tindahan ng electronics at iba pa (Ang pagtatapon ng rechargeable na baterya ay gawing sanggunian ang P11)

# Lata, Bote

**Resources**

**2 beses bawat buwan ang kolekta**

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7429

## Pangunahing Target na Bagay




Lata/ mga boteng lalagyan ng uri ng pagkain at inumin, uri ng pampalasa, uri ng alak at iba pa.

*Ang pang-spray/cassette cylinder ay sa maliliit na metal.

**Paraan ng Pagtatapon**

Ilagay sa 45 liter o mas maliit na supot (transparent colorless o translucent white).

*Ang resources ay itapon sa nakatalagang lugar hanggang alas otso ng umaga sa nakatalagang araw.



### Mga Uri (Halimbawa)

- **Uri ng pagkain at inumin**
  Carbonated na inumin, inuming katas ng prutas, tsaa, sports drink, mantika, lata ng gatas, lata ng snacks, jam, instant coffee at iba pa




- **Uri ng alak**
  Shochu, Western liquor (Yoshu), Sake, Beer at iba pa
- **Uri ng Pampalasa**
  Toyo, Mirin, Suka sa pagluluto at iba pa

### Returnable na bote

May paraang ang bote ng beer, bote ng alak, bote ng gatas at iba pa ay maaaring ibalik sa pinagbilhang tindahan.



## Paraan ng Pagtatapon

*Parehong paraan ang pagtapon ng lata/ bote.



Alisin ang takip at paghiwa-hiwalayin ayon sa materyal.
(Maliliit na metal o plastik na lalagyan at pambalot at iba pa)



Alisan ng laman at banlawan.
*Mangyaring alisan ng laman at banlawan bago itapon. Hindi ito kokolektahin kapag may mga laman pa.



Ang lata ay huwag pipiin, ang lata at bote ay sa kaparehong supot na transparent colorless o translucent white ilagay saka itapon.

## Mga bagay na madaling magkamali



Lata ng spray/ cassette cylinder

Maliliit na metal (Pumunta sa P4)



Bote ng gamot/ bote ng kosmetiko



Flower vase/ babasaging gamit sa pagkain/ babasaging bintana/ babasaging mga boards/ uri ng mga palayok

Malalaking basura (Hindi masusunog na maliliit na bagay) (Pumunta sa P9)

**Tandaan** Hindi maaaring kolektahin ang mga basurang nagmumula sa mga negosyo (mga tindahan / kumpanya)!

**Ang mga business operator ang responsableng mangasiwa nito.**

*Ayon sa probisyon ng Artikulo 3 sa Batas ng Pagtatapon ng Basura at Paglilinis (Mga Responsabilidad ng Business Operators)

# Plastik na lalagyan at pambalot

**Resources**

**1 Beses sa isang linggo kinokolekta**

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7429

## Pangunahing Target na Bagay

**Lalagyan o binalutan ng produkto na may marka para sa plastik.**

**Paraan ng Pagtatapon**

**Ilagay sa 45 liter o mas maliit na supot (translucent na colorless o translucent na puti).**

*Ang resources ay itapon sa nakatalagang lugar hanggang alas otso ng umaga sa nakatalagang araw.



### Mga Uri (Halimbawa)




### Uri ng lalagyan

Laglagyan ng obento at iba pa, lalagyan ng inuming gatas at yogurt, lalagyan ng tofu, pakete ng itlog, lalagyan ng mga side dishes, tray, lalagyan ng cup noodle, walang lamang lalagyang bote ng detergent/shampoo at conditioner, lalagyan ng natto, walang laman na case ng disposable contact lenses at iba pa

### Uri ng Pambalot

Balot ng snacks, label at takip ng PET bottle at iba pa, takip ng kape at iba pa, balot ng mga frozen foods, balot ng tinapay at iba pa

### At iba pa

Styrofoam na ginamit sa pag-pack ng produkto, supot na plastik, net ng prutas at iba pa



## Paraan ng Pagtatapon

**Huwag doblehin ang supot!**




**Kumpirmahin ang marka para sa plastik**
(ang mga bagay na walang marka ay sa household garbage itapon)



**Alisan ng laman.**
(Ang mga bagay na may laman ay hindi maaaring kolektahin)



**Banlawan.**
(Ang mga bagay na hindi maalis ang nakadikit na mantika, mga bagay na may tira pang laman, mga bagay na hindi maalis ang nakadikit na dumi ay sa household garbage itapon)



**Ilagay sa supot na transparent colorless o translucent white.**
(Kung may inihalong ibang bagay ay hindi maaaring kolektahin)

## Mga bagay na madaling magkamali

**"Ang gawa sa plastik" ay hindi lahat sa plastik na lalagyan at pambalot**




Ang household garbage ay nasa P5

**Tandaan** Hindi maaaring kolektahin ang mga basurang nagmumula sa mga negosyo (mga tindahan / kumpanya)!

**Ang mga business operator ang responsableng mangasiwa nito.**

*Ayon sa probisyon ng Artikulo 3 sa Batas ng Pagtatapon ng Basura at Paglilinis (Mga Responsabilidad ng Business Operators)

# PET Bottle

**Resources** | **2 beses bawat buwan ang kolekta**

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7429

## Pangunahing bagay

PET

**Lalagyan ng mga uri ng alak/inumin/lalagyan ng mga pampalasa na may markang PET Bottle**

**Paraan ng Pagtatapon**

**Ilagay sa 45 liter o mas maliit na supot (transparent colorless o translucent white).**

*Ang resources ay itapon sa nakatalagang lugar hanggang alas otso ng umaga sa nakatalagang araw.



### Mga Uri (Halimbawa)





- **Lalagyan ng carbonated na inumin, katas ng prutas na inumin, uri ng tsaa, kape, tubig, shochu, mirin, western liquor, sake, toyo at iba pa**

*Ang madumi, may laman na hindi maalis ang loob, hindi maalis ang sauce na mantika, mantika sa pagluluto, lalagyan ng dressing na hindi maalis ang mantika at iba pa ay sa "household garbage" itapon.



**Tiyaking naalis ang takip at label!**

*Itapon ang takip at label sa basurahan ng plastik na lalagyan at pambalot.

## Paraan ng Pagtatapon

*Hindi maaaring marecycle ang PET bottle kapag may takip pa at label.

**Huwag haluan ng ibang bagay.**



Kumpirmahin ang marka



Alisin ang takip at label at ilagay sa **plastik na lalagyan at pambalot na basurahan**



Banlawan.

(Ang mga bagay na hindi maalis ang dumi ay sa **household garbage** itapon)



Tupiin at ilagay sa supot na transparent colorless o translucent white.

## Bagay na madaling magkamali




Puwera sa PET bottle na lalagyang gawa sa plastik (pakete ng itlog/bote at iba pa)

Ang plastik na lalagyan at pambalot ay nasa P2



PET bottle na hindi maalis ang nakadikit na mantika, madumi, bagay na may laman sa loob

Ang Household Garbage ay nasa P5

**Tandaan** **Hindi maaaring kolektahin ang mga basurang nagmumula sa mga negosyo (mga tindahan / kumpanya)!**

**Ang mga business operator ang responsableng mangasiwa nito.**

*Ayon sa probisyon ng Artikulo 3 sa Batas ng Pagtatapon ng Basura at Paglilinis (Mga Responsabilidad ng Business Operators)

# Maliliit na metal

Hindi kasama ang mga kasangkapang elektroniko sa bahay

**Resources** | **1 beses bawat buwan ang kolekta**

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7429

## Pangunahing target na bagay

**Mga bagay na maximum na ang 30 cm o mas maikli ang sukat at 80% o higit pa ng kabuuhan ay gawa sa metal (hindi kasama ang kasangkapang elektroniko sa bahay)**

### Paraan ng Pagtatapon

**Ilagay sa 45 liter o mas maliit na supot (transtransparent colorless o translucent white).**

*Ang resources ay itapon sa nakatalagang lugar hanggang alas otso ng umaga sa nakatalagang araw at lagyan ng"metal".



### Mga Uri (Halimbawa)




## Paraan ng Pagtatapon

**Lagyan ng marka na malalaman kung ano ang nasa loob ng supot sa pagtatapon.**

Ang supot ay sulatan ng "金属 (metal)".




### Uri ng mga patalim

Balutin sa papel at iba pa, ang supot ay sulatan ng "金属キケン (metal na mapanganib)".




### Lata ng spray/cassette cylinder

Ang tuntunin ay ubusing gamitin

Ilagay sa supot na hiwalay sa ibang bagay at sulatan ng "スプレー缶(lata ng spray)".

Kung ang itatapon na lata ng spray o cassette cylinder ay may laman pa na hindi naubos gamitin, huwag ihalo sa ibang maliliit na metal kundi ilagay sa hiwalay na supot at sulatan ng "スプレー缶・中身入り危険(lata ng spray/may laman pa kaya mapanganib)".

**Hindi na kailangan pang butasan.**




## Bagay na madaling magkamali



Toaster/plantsa at iba pang kasangkapang elektroniko

Lata ng pintura/maruruming bagay na metal tulad ng mga 5-gallon square can

Malalaking basura (hindi masusunog na maliliit na bagay) nasa P9

## ● Aksidenteng sunog sa sasakyan na kumukolekta ng basura at iba pa

Madalas na nangyayari na ang pangunahing dahilan ay ang isinasama sa supot ng ibang resources o basura ang lata ng spray/cassette cylinder sa pagtatapon.



**Tandaan** Hindi maaaring kolektahin ang mga basurang nagmumula sa mga negosyo (mga tindahan / kumpanya)!

**Ang mga business operator ang responsableng mangasiwa nito.**

*Ayon sa probisyon ng Artikulo 3 sa Batas ng Pagtatapon ng Basura at Paglilinis (Mga Responsabilidad ng Business Operators)

# Household Garbage

2 beses bawat linggo ang kolekta

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7429

## Pangunahing Target na Bagay

**Uri ng hilaw na basura, mga scrap ng kahoy, scrap ng papel, uri ng plastik (hindi kasali ang PET bottle, gawa sa plastik nalalagyan at pambalot), at iba pang nasusunog na bagay**

**Pagtatapon**

**Ilagay sa 45 liter o mas maliit na supot (translucent na colorless o translucent na puti).**



*Ang mga uri ng scrap ng kahoy/ mga scrap ng papel /tela ay ilagay sa 3 o mas kaunting supot na 45 liter o mas maliit na supot (pagbigkisin).

*May mga lugar na nagsisimulang kumolekta nang alas 6 ng umaga.

Mga uri (Halimbawa)

Ang mga hilaw na basura ay alisan ng tubig

### Uri ng hilaw na basura





Basura sa paglulu-to/natirang pagkain/gin-amit na dahon ng tsaa at iba pa

### Chips ng mga kahoy



Nalaglag na dahon/da-mo/kawayang pangtuhog at iba pa

*Alisan ng lupa at saka itapon.

### Papel na basura (uri ng papel) / mga uri ng tela

Diyaryo/ magasin/ karton/mga damit at iba pa



### Uri ng plastik (Bagay na walang ♻ )

(hindi kasali ang pet bottle/plastik na lalagyan at pambalot)
Hanger/balde/ laruan/ CD at iba pa





*Ang maruming pet bottle at may nakadikit na mantikang lalagyan ng dressing at iba pa ay sa household garbage itapon.

### Iba pang nasusunog na bagay

Gawa sa goma/gawa sa balat na mga produkto





## Mga bagay na dapat maging maingat sa pagtatapon

### Basura ng mantika sa pagluluto

**Ibabad** sa papel o tela



### Matutulis na bagay

**Balutin ng** diyaryo at iba pa



### Mga sanga

Ang lapad ay mas mababa sa 5cm, ang taas ay 30 cm o mas maikli, **ibigkis nang pangtali** na mabibitbit ng isang kamay




### Nalaglag na dahon/damo

**Alisan ng lupa** at saka ilagay sa supot.



Ang pag-recycle sa pamamagitan ng pangkatang pangongolekta hangga't maaari P13

### Diyaryo/ magasin/karton at iba pa

Ang diyaryo/magasin ay **ibigkis nang pangtali na mabibitbit ng isang kamay**
Ang tela **ay ilagay sa supot.**
Ang karton ay tupiin at **ibigkis nang pangtali** ang mula 4 hanggang 5 piraso.







Ang scraps ng mga kahoy/ papel na basura/tela sa 1 beses ay hanggang 3 o mas kaunting supot (pagbigkisin) at saka itapon.

**Tandaan** Hindi maaaring kolektahin ang mga basurang nagmumula sa mga negosyo (mga tindahan / kumpanya)!

**Ang mga business operator ang responsableng mangasiwa nito.**

*Ayon sa probisyon ng Artikulo 3 sa Batas ng Pagtatapon ng Basura at Paglilinis (Mga Responsabilidad ng Business Operators)

# Ukol sa medikal na basura sa bahay (ginamit sa bahay na hiringgilya/karayom na pangturok at iba pa)

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7429

Una, ay makipag-usap sa pinapatingnan na institusyong medikal o sa malapit sa inyong parmasya para sa pag-aayos ng pagkolekta.
Kung hindi pumayag na kolektahin, iproseso gaya ng nasa ibaba.



## Pangunahing Target na Bagay

Tubo ng suwero/lalagyan/hiringgilya at iba pa na vinyl/plastic at iba pa na lalagyan/karayom na pangturok

## Kailangang tandaan sa pagtatapon

- ☐ Sa 2 beses bawat linggo na household garbage itapon.
- ☐ Ang mga bagay na may karayom na pangturok ay gawan ng paraan para hindi maging mapanganib!!

Ang ukol sa pagtatapon ng medikal na basura sa bahay ay mangyaring kumunsulta sa hospital o sa medikal na pasilidad.
*Ang ukol sa detalye ay tingnan sa website ng Japan Medical Association ang “Gabay sa Pangangasiwa ng Medikal na Basura sa Bahay”.

**[Mga dapat tandaan sa pagtatapon ng medikal na basura sa bahay bilang household garbage.]**

1. Takpan ang lalagyan ng karayom, i-twist para alisin ang karayom sa hiringgilya. Huwag hayaang malaglag ang karayom mula sa lalagyan.
2. Ang ① ay ilagay sa PET bottle o pakete ng gatas at iba pa, huwag hayaang tumilapon.
3. Ang ② ay ilagay sa plastik na supot at saka ibigkis ang bukana ng supot.
4. Ang ③ ay ilagay sa 45 liter o mas maliit na transparent colorless o translucent na supot (maaari ang shopping bag na plastik), at itapon sa“household garbage”na 2 beses bawat linggo. Hindi na kailangang ihiwalay ito sa pagtatapon ng iba pang household garbage.

# “さんあ～る (3R)” Apps para sa Paghihiwalay ng Basura

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7429

Ito ay isang app na may mga kapaki-pakinabang na function tulad ng "Kalendaryo ng Araw ng Pagkolekta" na pwedeng makumpirma ang mga petsa ng koleksyon sa pamamagitan ng pagse-set ng iyong lugar, "Diksyunaryo ng Paghihiwalay ng Basura" na pwedeng maghanap ng mga paraan ng paghihiwalay ng basura batay sa pangalan ng bagay na gusto mong itapon, at iba pa.

**Puno ito ng kapaki-pakinabang na functions gaya ng“Diksyunaryo ng paghihiwa-hiwalay ng basura”, “Kalendaryo ng araw ng pagkolekta” at iba pa.**




Sa “Diksyunaryo ng Paghihiwa-hiwalay ng Basura” ay madaling mahahanap ang paraan ng paghihiwa-hiwalay batay sa pangalan ng bagay na nais itapon.




**Libre**

Agad na malalaman kung ano ang kokolektahin ngayong araw.

## Paraan ng pag-download ng apps.

Sa App Store o kaya ay Google play, hanapin ang “さんあーる” (3R), o kaya ay gamitin ang 2D bar code na nasa kanan para sa pag-download.

Para sa iPhone

Para sa Android

# Basura na may merkuryo at iba pa (fluorescent tube/mercury thermometer at iba pa)

<Para sa mga Tanong> Dibisyong Namamahala sa Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7478

Lokasyon ng Koleksyon

## Mga Target na Bagay

Kami ay naghihiwalay at nangongolekta ng mga produktong naglalaman ng mercury mula sa mga sambahayan. Ang mga sumusunod na bagay mula sa mga sambahayan ay napapailalim sa sorting (location) collection.



**Fluorescent tube**
(hindi kasama ang mga incandescent na bombilya/LED/halogen lamp)



**Bateryang hugis butones**



**May ginamit na merkuryo na thermometer(taionkei)/pangsukat ng init (Ondokei)/pangsukat ng blood pressure (ketsuatsukei)**

*Hindi maaaring kolektahin ang mga basurang nagmumula sa mga negosyo tulad ng mga tindahan / kumpanya!

## Paraan ng pagkolekta

Libreng kokolektahin sa box para sa pagkolekta na nakalagak sa mga lokasyon ng box para sa pagkolekta o sa mga tindahan na nakikipagtulungan para sa pagkolekta.

### ●Kung saan nakalagak na lokasyon ng box para sa pagkolekta

Ilagay lamang sa box para sa pagkolekta na nakalagak sa munisipyo at iba pa na pampublikong pasilidad ng Lungsod o sa nakikipagtulungan na supermarket na nasa loob ng Lungsod.




▲Imahe ng box para sa pagkolekta ng fluorescent tube

Ang bawat lugar na may nakalagak na box at sa nakikipagtulungang tindahan ay may nakadikit na sticker na ito.






### ●Tindahan na nakikipagtulungan para sa pagkolekta

Tindahan ng electronics, home center at iba pa na nasa loob ng Lungsod na nakikipagtulungang tindahan para sa pagkolekta na kung dadalhin ay kukunin.
*Kukunin ang bagay hindi lamang sa oras na bibili ng panibago bilang kapalit.





*Maaaring magbago ang nakikipagtulungan na tindahan na may nakalagak na box para sa pagkolekta. Mangyaring tingnan na lamang sa website ng Lungsod ng Sakai ang tungkol sa pinakabagong impormasyon.

## Dapat Tandaan sa Pagtatapon

- ☐ Ang babasaging bagay ay ilagay sa plastik na supot o lalagyan na pinaglagyan sa oras ng pagbili.
- ☐ Ang mga sira ay balutin ng diyaryo at iba pa, ang plastik na supot ay ibigkis na maigi.
- ☐ Siguraduhing nadikitan ng scotch tape ang kabilaan ng bateryang hugis butones.
  Kapag nagdikit ang magkaparehong baterya ay maaaring maging dahilan ng sunog, kaya talagang mapanganib.
- ☐ Ang mga straight fluorescent tube na mas mahaba sa sukat na 40 (humigit-kumulang 122 cm) ay hindi maaaring itapon sa mga nakaset-up na lokasyon para sa pagkolekta.
  Kung itatapon ay tawagan ang Environmental Management Division (Telepono: 072-228-7478)
- ☐ Dahil hindi ito maproseso sa planta ng paglilinis, hindi ito maaaring kolektahin o dalhin!



### Bagay na madaling magkamali

Tandaan

- ☐ Incandescent na bombilya / LED / Halogen lamp
  ⇒Mangyaring iapply bilang hindi nasusunog na maliliit na bagay sa sentro ng tanggapan ng malalaking basura
- ☐ Rechargeable na baterya (maliit na uri)
  ⇒Mangyaring gamitin ang "recycle box para sa maliit na rechargeable na baterya" na nasa tindahan ng kasangkapang elektroniko at iba pa.
- ☐ Rechargeable na baterya (malaking uri ng baterya at iba pa )
  ⇒Hindi maaaring kolektahin ng Lungsod . Mangyaring kumunsulta sa tindahan o maker.
- ☐ Tuyong baterya (hindi ginamitan ng merkuryo)
  ⇒Sa sentro ng tanggapan ng malalaking basura ay iapply bilang hindi masusunog na maliliit na bagay.
- ☐ Elektronikong thermometer/pangsukat ng init/ pangsukat ng blood pressure
  ⇒Dalhin sa box para sa pagkolekta ang nagamit na maliit na kasangkapang elektroniko, o sa sentro ng tanggapan ng malalaking basura ay iapply bilang hindi masusunog na maliliit na bagay.
- ☐ Ang may alkohol na thermometer/pangsukat ng init
  ⇒Mangyaring iapply bilang hindi nasusunog na maliliit na bagay sa sentro ng tanggapan ng malalaking basura.

# Maliit na kasangkapang elektroniko

**Lokasyon ng Koleksyon**

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Promosyon sa Pag-recycle ng mga Resources
Telepono: 072-228-7479

Ang maliit na kasangkapang elektroniko gaya ng cellphone o digital camera at iba pa na kagamitang elektroniko ay may nakahalong precious metal o rare metal. Upang epektibong magamit ang limitadong mga resources, makipagtulungan po lamang na marecycle ang maliit na kasangkapang elektroniko sa inyong bahay na hindi na ginagamit.

## Target na Bagay

*Maaari lamang ang mga bagay na magkakasya sa pasukan ng box para sa pagkolekta na may sukat na (taas 8 cm x lapad 30 cm).



Cellphone/PHS, smartphone



Laptop



Video camera, digital camera, film camera



Elektronikong aklat



Elektronikong diksyunaryo, calculator



Game machine (hindi gumagalaw na uri, portable), handheld game, high-tech trend na laruan

- Telephone machine • Radyo
- Portable DVD player at iba pa na kagamitan sa pag-video
- Tape recorder, CD player, headphone, IC recorder, hearing aid at iba pa na sound machine
- Hard disc, USB memory, memory card
- Elektronikong pangsukat ng blood pressure, elektronikong thermometer
- Relo • Elektronikong razor at iba pa na kagamitan ng barbero
- Flashlight
- Car navigator, mga supply ng sasakyan gaya ng ETC in-vehicle unit
- Accessories ng mga ito (uri ng kordon, remote control at iba pa)

### Mga hindi target na bagay

**Tandaan**

- ☐ Uri ng baterya ☐ Fluorescent tube / bumbilya ☐ CD/DVD
- ☐ Aircon/telebisyon/refrigerator (freezer)/washing machine (nasa P12 ang sanggunian) ☐ Bagay na hindi magkakasya sa box para sa pagkolekta
- ☐ Mga Kasangkapang Elektronikong Hindi Target ☐ Mga bagay na itatapon mula sa establisimiyento ng negosyo

## Paraan ng pagkolekta

**Ang sukat ng pasukan ay 8cm x 30 cm.**
Ang makakapasok dito na maliit na kasangkapang elektroniko ay kokolektahin.




● Ilagay sa box para sa pagkolekta na nakalagak sa Munisipyo ng Lungsod, Munisipyo ng bawat Distrito (hindi kasali ang Munisipyo ng Distrito ng Sakai), at sa nakikipagtulungang mga tindahan sa loob ng Lungsod.

*Kung mahihirapang dalhin sa box para sa pagkolekta, o kaya ay hindi kasya sa daanan ang sukat na maliit na kasangkapang elektroniko, ay gawing sanggunian ang mga sumusunod na pahina at saka itapon.

- Maaring marecycle ang laptop/personal computer...(P11)
- At iba pang maliit na kasangkapang elektroniko ...Malalaking basura/hindi masusunog na maliliit na bagay (P9)

*Maaaring magbago ang lugar ng box para sa pagkolekta at iba pa. Mangyaring tingnan na lamang sa website ng Lungsod ng Sakai ang pinakabagong impormasyon.

## Mga dapat tandaan sa pagtatapon

- ☐ Mangyaring itapon na hindi inilalagay sa supot o kahon.
- ☐ Mangyaring alisin ang baterya. (Ang pag-alis ng baterya ay gawing sanggunian ang nasa P7).
- ☐ Ang nailagay na bagay sa box para sa pagkolekta ay hindi na maibabalik.
- ☐ Mangyaring burahin ang anumang personal na impormasyon.

# Ink Cartridge

**Lokasyon ng Koleksiyon**

<Para sa mga Tanong> Dibisyong Namamahala sa Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7478

## Mga target na bagay



Mga nagamit na sa bahay na ink cartridge na ang maker ay:

Brother Canon SEIKO Epson Japan HP

*Hindi maaaring kolektahin ang mga basurang nagmumula sa mga negosyo tulad ng mga tindahan/kumpanya.
*Ang magmumula sa bahay na waste toner ay sa basura sa pamumuhay pakitapon.
*Para sa pinakabagong impormasyon sa mga target na manufacturer, pakitingnan ang website ng Ink Cartridge Satogaeri Project.

## Paraan ng pagkolekta




● Ilagay sa box na nakalagak para sa pagkolekta.

***Kung hindi madadala sa box para sa pagkolekta ay maaari namang itapon sa household garbage.**

Pagkatapos na makolekta, ang mga ink cartridge ay muling ginagamit ng mga maker at ang ilang parte ng produktong plastik ay nire-recylcle.

● Ang mga nakikipagtulungan na tindahan sa pagkolekta ay mangyaring tingnan sa HP ng proyekto sa pagbabalik ng ink cartridge.

Sa Lungsod ng Sakai, ang mga munisipyo na kasali sa "proyekto sa pagbabalik ng ink cartridge" na isinasagawa ng mga printer maker at iba pa, ay nagsasagawa ng batayan sa pagkolekta ng mga nagamit sa bahay na ink cartridge.

Ang HP ng proyekto sa pagbabalik ng ink cartridge ay dito ▶

# Malalaking basura (May bayad)
# Hindi masusunog na maliliit na bagay (Libre)

**Kailangan ng aplikasyon para sa pagtatapon**

## Pangunahing target na bagay

| | |
|---|---|
| **Malalaking basura** | **Mga matibay na nakonsumong gamit na ang maximum na haba ng gilid o diameter ay lumampas sa 30 cm.** |
| **Hindi masusunog na maliliit na bagay** | **Hindi masusunog na bagay at mga pinagsama-samang bagay na ang maximum ng gilid ay 30 cm o mas maikli na hindi maaari sa malalaking basura.** |

**Paraan ng Pagtatapon**

**Kailangan ng aplikasyon para sa pagtatapon**

**Kailangan ang aplikasyon sa sentro ng tanggapan ng malalaking basura.**

*Ang 1 beses na aplikasyon para sa hindi masusunog na maliliit na bagay, sa 45 liter o mas maliit na supot (walang kulay na translucent o kaya ay puting kulay na translucent) ay hanggang 3 supot ang libre.

**Mga Uri(Halimbawa)**




### ● Malalaking basura

Aparador/ kama/futon/tatami at iba pa

### ● Hindi masusunog na maliliit na bagay

Mangkok/ tasa/ plorera/ plato at iba pa na mga keramika LED at maliwanag na bombilya, payong, lata ng langis, tuyong baterya Pinapainitang sigarilyo, elektronikong sigarilyo (Gayunpaman, limitado sa mga inalisan ng rechargeable na baterya. Ang mga naka-built-in na uri at iba pang hindi matanggal ay mangyaring kumunsulta na lamang sa pinagbilhang tindahan/maker).

*Ang fluorescent tube, may mercury na thermometer, pangsukat ng init, pangsukat ng blood pressure at iba pa na produktong ginamitan ng merkuryo ay mangyaring dalhin na lamang sa nakalagak sa munisipyo ng Lungsod/bawat munisipyo na box para sa pagkoleta.

*Ang cellphone at digital camera na may precious metal o rare metal na maliit na kasangkapang elektroniko, sa pamamagitan ng batayan sa pagkolekta ay mangyaring makipagtulungan sa pagrecycle (gawing sanggunian ang P8).

## Paraan ng Pagtatapon

**Mangyaring sundin ang mga hakbang sa ibaba upang mag-apply para sa pagkolekta.**

### Hakbang 1

**Mag-apply sa "sentro ng tanggapan ng malalaking basura" (Large Garbage Collection Reception Center).**

**● Pag-apply sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono**

《Tanggapan》 Lunes hanggang Biyernes (Tumatanggap din kahit araw ng pampublikong holiday) mula 9: 00 a.m. hanggang 5: 00 p.m.
*Sarado kapag araw ng Sabado/Linggo/Katapusan ng taon at Bagong taon

| | |
|---|---|
| Mula sa fixed-line na telepono | **0120-00-8400** |
| Mula sa cellphone/ IP na telepono | **06-6485-5048** |

**● Pag-apply sa internet (24 oras ang tanggapan)**

■Maaari rin sa computer, smartphone, at ilang uring mobile phone mag-apply sa loob ng 24 oras, maliban na lamang sa mga oras ng maintenance.
■Mangyaring basahing maigi ang mga dapat tandaan at iba pa bago mag-apply.
■Kung ang item ay nangangailangan ng isang detalyadong panayam o wala sa listahan kapag mag-aapply online, mangyaring mag-apply sa pamamagitan ng telepono.

Maaaring maaccess gamit ang 2D barcode na nasa kanan ▶

*Ang araw ng pagkolekta ay sa susunod na linggo pagkatapos na makapag-apply.

### Hakbang 2

**Bumili ng "tiket para sa pagtatapon ng malalaking basura"**




Mangyaring bumili sa mga convenience store, kooperatiba ng agrikultura sa loob ng Lungsod ng Sakai na may nakapost na "lugar na maaaring makabili ng tiket para sa pagtatapon ng malalaking basura".

*Dahil ang mga hindi masusunog na maliliit na bagay ay libre ang hanggang 3 supot sa 1 beses kaya hindi na kailangan ng tiket. (**May bayad** ang pang-4 na supot at ang sumusunod).

*Hindi maaaring mag-isyu uli ng tiket para sa pagtatapon ng malalaking basura at hindi rin maaaring ibalik ang bayad sa tiket na hindi nagamit.

### Hakbang 3

**Ang pagtatapon ng "malalaking basura/hindi masusunog na maliliit na bagay"**

Itapon hanggang 9: 00a.m sa araw ng pagkolekta na sa makikitang parte ay idikit ang tiket para sa pagtatapon ng malalaking basura sa bawat item, na naisulat ang araw ng pagkolekta/numero ng pagtanggap/at inyong pangalan.

*Hanggang sa matapos ang pagkolekta ay itago lamang ang paper liner ng pinag-alisan ng tiket para sa pagtatapon ng malalaking basura.
*Ang oras ng pagkolekta ay lampas 9:00 a.m. Ang pagkolekta ay gagawing sunud-sunod kaya hindi makakapagtukoy ng posibleng oras.
*Kapag may kumuha kahit na dinikitan ng tiket para sa pagtatapon ng malalaking basura, ang ibinayad ay hindi na maibabalik.

## Pansamantalang basura (May bayad)

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7429

Kinokolekta rin ang mga pansamantalang basurang nabuo mula sa paglipat, mga seromonyal na okasyon, pagputol ng mga sanga at iba pa.

| Bayad sa pagkolekta | Uri ng basura sa bahay (household garbage) |
|---|---|
| | 8,800 yen |

*Presyo sa bawat 1 tonelada o kaya ay 2 metro kubiko. Pakitandaan na direktang babayaran ng taong magtatapon ng mga basura sa on-site ang bayad sa pagkolekta sa kinontrata na mangongolekta ng basura.
*Hindi hahakutin ang mga bagay mula sa bahay, hardin, at iba pa.

### Pag-apply

Mag-apply sa Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan mahigit 1 linggo bago ang araw na nais ipakolekta. Gayunpaman, ang araw ng pagkolekta at oras ng pagkolekta ay pagdisesyunan sa pakikipag-usap sa taong namamahala sa pagkolekta.

## Taos-pusong Suporta sa Pagkolekta (Fureai Sapoto Shushu)

<Para sa mga Tanong> Opisina ng pampublikong kalinisan
Telepono: 072-273-2682

Nagbibigay ng suporta sa pagtatapon ng basura para sa mga mag-isa at walang tumutulong na mga taong malalapit sa matatanda at may kapansanan na nahihirapang magtapon sa mga itinalagang lugar.



### Household garbage /Resources

1 beses sa isang linggo, ang basura ay kokolektahin hanggang sa harap ng bahay.

### Malalaking basura

Hahakutin mula sa loob ng bahay ang basura at saka kokolektahin.

(Hanggang 2 beses sa isang taon at bukod sa pag-apply ay kakailanganin na bumili sa convenience store na nasa loob ng Lungsod ng tiket para sa pagtatapon ng malalaking basura)

*Para masuportahan ay kinakailangan na mag-apply bago pa man sa opisina ng pampublikong kalinisan. Bilang karagdagan, mayroong iba't-ibang kinakailangan para sa mga aplikante. Ang tungkol sa detalye ng mga kinakailangan ay mangyaring tingnan na lamang sa website ng lungsod.

Nandito ang mga detalye ▶

2D barcode

## Pagdala sa Planta ng Pagsusunog sa Sentro ng Kalinisan (May bayad)

<Para sa mga Tanong> Dibisyong Administratibo sa Sentro ng Kalinisan
(Planta ng Higashi ng Sentro ng Kalinisan)
Telepono: 072-252-0815
Planta ng Rinkai sa Sentro ng Kalinisan
Telepono: 072-282-7400

| Pag-uuri | Minimum na bayad sa yunit | Karagdagang bayad sa yunit |
|---|---|---|
| (1) Basurang kailangang iproseso sa crushing facility (malalaking basura at iba pa) | Hanggang 100 kilogram ay pare-parehong 1,700 yen | Kung lalampas sa 100 kilogram ay 170 yen sa bawat 10 kilogram |
| (2) Iba pang basura | Hanggang 100 kilogram ay pare-parehong 1,100 yen | Kung lalampas sa 100 kilogram ay 110 yen sa bawat 10 kilogram |

- Ang mga basura na kailangang iproseso sa crushing facility ay tumutukoy sa mga bagay na may maximum na haba na humugit-kumulang sa higit 50 cm, at mababa sa humigit-kumulang sa 200 cm, bagay na may kapal na humugit-kumilang sa higit 5 cm, at mababa sa humugit-kumulang 30 cm na may halong metal, glass, ceramics, at iba pa.
- May limitasyon depende sa nilalaman ng basura.
- Tingnan sa website ng Lungsod ang tungkol sa detalye (https://www.city.sakai.lg.jp/kurashi/gomi/gomi_recy/bunbetsu/shigen/sonotagomi/mochikomi.html)

▲2D barcode

## Bagay na hindi maaaring hakutin/kolektahin ng Lungsod

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7429

### Motorsiklo



**Kumunsulta sa tindahan/maker. O kaya ay tumawag sa nasa ibaba.**

Call Center sa Recycle ng Motorsiklo (Mula 9:30 a.m. hanggang 5:00 p.m.(Maliban sa Sabado/Linggo/Katapusan ng Taon at Bagong Taon))
**Telepono: 050-3000-0727** *Ang tungkol sa detalye ay mangyaring tingnan sa website ng Japan Automobile Recycling Promotion Center Public Interest Incorporated Foundation.

### Pamuksa ng apoy (Shokaki)



**Kumunsulta sa tindahan/maker. O kaya ay tumawag sa nasa ibaba.**

Fire Extinguisher Recycling Promotion Center (Mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. (Maliban sa Sabado, Linggo, Pista Opisyal/ Mga araw na bakasyon at mula tanghali hanggang 1:00 p.m.).)
**Numero ng telepono: 03-5829-6773**

### Rechargeable na baterya

Alisin ang maliliit na rechargeable na baterya mula sa device, itapon sa **"recycle box para sa maliit na rechargeable na baterya"** na nakalagak sa home appliance store at iba pa. Kung hindi makita ang box ay iabot na lamang sa staff ng tindahan. Ang tungkol sa nakikipagtulungan na tindahan at iba pa ay mangyaring tingnan ang detalye sa website ng JBRC, General Incorporated Association.

JBRC, General Incorporated Association | Search



**Ang baterya at iba pa na malalaking rechargeable na baterya ay kumunsulta sa tindahan/maker.**

***Kung isasama ang rechargeable na baterya sa basura ay malamang na pagsimulan ng sunog, kaya napakapanganib.**

### At iba pa

**Kumunsulta sa tindahan/maker**

[Pangunahing Bagay] Nasusunog (hakkasei)/nakakalason at mapanganib na mga bagay (propane gas/ pestisidyo/ matapang na gamot / thinner / kerosene/ gasolina at iba pa), gulong, piyano




*Ang tungkol sa siringgilya at karayom na panturok ay kumunsulta sa nagresetang institusyong medikal o sa parmasya. (P6 ang sanggunian)

## Maaaring marecycle na computer

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan
Telepono:072-228-7429

### Pangunahing bagay

PC リサイクル
PC recycle na marka

Pangunahing katawan ng desktop computer, laptop computer, CRT display, CRT display all-in-one computer, LCD display, LCD display all-in-one computer,

*Depende sa laki ng laptop ang maaaring kolektahin sa maliit na kasangkapang elektroniko (P8 ang sanggunian)

*Ang printer, scanner at iba pa na mga kagamitang nakapalibot ay sa malalaking basura (P9 ang sanggunian)



### Para sa Pagtatapon

Batay sa Batas ng Promosyon Para sa Epektibong Utilisasyon ng Resources, mangyaring mag-apply sa bawat maker.
Ang mga produkto na may nakadikit na PC recycle ay kokolektahin at ire-recycle ng maker ang basura nang walang anumang karagdagang singil.
Ang mga produktong walang nakadikit na PC recycle na marka ay may pasaning kailangang bayaran sa pagpakolekta at pagpa-recycle.

Para sa mga detalye, kontakin ang Personal Computer 3R Promotion Association
**Telepono: 03-5282-7685** **Internet** Personal Computer 3R Promotion Association | Search

# Aircon, telebisyon, refrigerator (freezer), washing machine

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan
Telepono:072-228-7429

## Pangunahing target na bagay

Tinukoy na mga kagamitan sa bahay gaya ng telebisyon (cathode ray tube/liquid crystal/plasma), aircon, refrigerator/freezer, washing machine (clothes dryer)



## Paraan ng Pagtatapon

☐ Bilang tuntunin ay sa pinagbilhang tindahan ng mga kagamitan sa bahay, kapag papalitan at bibili ng panibago ay sa tindahan mag-request para sa pagkolekta. (Ang tindahan ay may obligasyon na kunin ang mga ito) *May kailangang bayaran sa pagpa-recycle at paghakot.

☐ Kung hindi alam ang tindahan na pinagbilhan o kapag hindi magpapalit ay mangyaring itapon sa pamamagitan ng kahit alin sa nasa ibaba na ① at ② na paraan.

### ①Direktang dalhin sa nakatalagang lugar sa pagkolekta para sa pag-recycle ng kasangkapang elektoniko sa bahay

1. Kumpirmahin ang maker ng kasangkapang elektroniko
*kumpirmahin ang sukat ng screen ng telebisyon
*kumpirmahin ang kapasidad ng refrigerator/freezer.

2. Bumili ng tiket para sa pagpa-recycle ng kasangkapang elektroniko
Sa post office ay sulatan ang mga kinakailangang parte ng tiket para sa pagpa-recycle ng kasangkapang elektroniko sa bahay at bayaran ang bayarin para sa pagpa-recycle.

3. Dalhin sa nakatalagang lugar para sa pagkolekta.
Dalhin ang hindi na ginagamit na kasangkapang elektroniko sa bahay pati na ang nabayaran nang tiket para sa pagpa-recycle.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Sa loob ng Lungsod ng Sakai o sa nakatalagang lugar para sa pagkolekta | Logic Nankai Co. Ltd. | Sakai-shi Minami-ku Takao 1 Chome 359-1 | 072-275-0333 |
| | OTOMO Co. Ltd. | Osaka-shi, Suminoe-ku, Hirabayashi 1 chome 5-15 | 06-6115-6712 |
| | F1 Ryutsu Co. Ltd. | Izumiotsu-shi, Abiko 601 | 0725-22-4222 |

Ang tungkol sa sistema ng tiket at bayarin para sa pagpa-recycle ng kasangkapang elektroniko sa bahay, ay tumawag sa RKC Association for Electric Home Appliances, General Incorporated Association, o kaya ay kumpirmahin sa website.

◆RKC Association for Electric Home Appliances , General Incorporated Association Telepono: 0120-319-640
Oras ng tanggapan ay mula 9:00 a.m. hanggang 6:00pm (Sarado ng Linggo at Pista Opisyal)

### ②Tindahan ng mga appliances sa loob ng Lungsod ng Sakai na maaaring mapagkonsultahan

(EDION, K's Denki, Kojima, Joshin, Matsuya Denki, Yamada Denki) pumunta at kumunsulta na lamang. Gayunpaman, may mga sitwasyon na hindi makakatugon, kaya mangyari lamang na kumunsulta ng mas maaga.

●Listahan ng mga tindahan na maaaring kumunsulta ng tungkol sa aircon/telebisyon/refrigerator (freezer)/washing machine (Mula noong Hunyo 2021 hanggang sa kasalukuyan)

| Distrito | Pangalan ng tindahan | Lokasyon | Numero ng telepono |
|---|---|---|---|
| Sakai | EDION Sakai Store | Ebisujimacho 3-22-1 | 072-226-4733 |
| | EDION Sakai Ishizu Store | Ishizu Kitamachi 90-1 | 072-241-8088 |
| | Kojima x Bic Camera AEON Mall Sakai Teppocho Store | Teppocho 1 AEON Mall Sakai Teppocho 1F | 072-268-5252 |
| | Kojima Outlet Sakai Store | Daisen Nishimachi 6-184-1 | 072-280-1165 |
| Naka | YAMADA DENKI Kaden Smile-kan YAMADA Senboku Sakai Interchange | Hirai 770-1 | 072-275-5117 |
| Higashi | YAMADA DENKI Kaden Smile-kan YAMADA Sakai Main Store | Yashimocho 1-5-1 | 072-256-5100 |
| Nishi | EDION Sakai Interchange Store | Taiheiji 711-1 | 072-295-5071 |
| | K's Denki Ario Otori Store | Otori Minamimachi 3-199-12 Ario Otori 2F | 072-260-0261 |
| | Joshin Otori Store | Otori Kitamachi 9-510 | 072-262-5711 |
| | Matsuya Denki Otori Daiei Store | Otori Higashimachi 7-733 Daiei Otori 2F | 072-273-0051 |
| | YAMADA DENKI Tecc.Land Seiyu Uenoshiba Store | Uenoshibacho 2-7-3 Seiyu Uenoshiba Store 2F | 072-242-3866 |
| Minami | EDION Senboku Store | Miharadai 4-40-1 | 072-292-3663 |
| | Joshin Sakai Interchange Store | Kodai 74 Home Center Kohnan 2F | 072-292-5311 |
| Kita | EDION Nakamozu Store | Nagasonecho 3081-17 | 072-240-3626 |
| | EDION AEON Mall Sakai Kitahanada Store | Higashi Asakayamacho 4-1-12 Aeon Mall Sakai Kitahanada 3F | 072-240-2811 |
| | Joshin Outlet Kitahanada Store | Kita Hanada 2-185-1 | 072-255-8100 |
| | Joshin Sakai Chuo Kanjo Store | Nagasonecho 1919-1 | 072-240-3911 |
| | Joshin Mikunigaoka Store | Mozuume Kitacho 1-25-1 | 072-251-3011 |
| | YAMADA DENKI Tecc.Land Kanaoka Store | Kuramaecho 1-7-15 Rainbow Kanaoka 1F | 072-254-2821 |
| Mihara | K's Denki Mihara Store | Kuroyama 710-1 | 072-369-2280 |
| | Joshin Mihara Store | Kita-amabe 140-1 | 072-369-0911 |

◆Electrical Industry Association Sakai Branch sa Prepektura ng Osaka Telepono:072-264-3710
Araw/oras na bukas: Mula 10:00 a.m. hanggang 4:00 p.m. (Huwebes bawat Linggo at pang-3 na Linggo ay sarado)

# Pangkatang pangongolekta ng mga ginamit na papel/damit

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Promosyon sa Pag-recycle ng mga Resources
Telepono:072-228-7479

Ang pangkatang pangongolekta ay aktibidad ng pag-recycle ng samahan ng mga residente gaya ng asosasyon ng kapitbahayan o asosasyon ng mga bata na kusang loob na nangongolekta ng mga ginamit na papel at iba pang recyclable mula sa mga sambahayan at ibibigay ang mga ito sa kumpanya na nangongolekta.

◎Nagbibigay ang Lungsod ng Sakai ng reward na 4 yen sa bawat 1 kg depende sa halagang nakolekta. (Hindi kasali ang mga mula sa kumpanya)

◎Ang araw at oras/lugar ng pagkolekta ay kumpirmahin na lamang sa nagpapatupad na organisasyon sa inyong tinitirhang lugar gaya ng asosayon ng kapitbahayan.

*Para makatanggap ng reward, kinakailangang magparehistro sa organisasyon para sa pangkatang pangongolekta sa Lungsod ng Sakai. Ang tungkol sa aplikasyon para makatanggap ng reward at ang proseso sa rehistrasyon ay mangyaring makipag-ugnayan sa Community Affairs Division ng munisipyo sa inyong tinitirhan.



## Mga pangunahing bagay na may reward sa pangkatang pangongolekta/pagtatapon

**Diyaryo**



- Ibigkis na pa-krus

*ang magasin at ibang ginamit na papel ay huwag pagsamahin.

**Magasin/at iba pang ginamit na papel**



- ayusin sa laki at ibigkis ng pa-krus
- ilagay sa shopping bag na papel (ang hawakan ng kamay kung hindi papel ay alisin), at ibigkis na pa-krus.

**Mga karton**



- itiklop ang 4 hanggang 5 na sheets, pagsamahin at saka ibigkis ng pa-krus

**Pakete ng gatas**



- banlawang maigi ng tubig, buksan ang pakete, patuyuin at saka ibigkis ng pa-krus

**Lumang damit/lumang tela**



- ilagay sa transparent o transluscent na plastik na supot

*Kung maaari lamang na papel na pambigkis ang gamitin. Kung papel kasi na pambigkis, lahat ay maire-recycle na.
*Ang mga bagay na kokolektahin at kung paano itapon ay maaaring mag-iba depende sa organisasyon, kaya mangyaring kumpirmahin ang mga detalye sa nagpapatupad na organisasyon o sa kumpanya na mangongolekta.

## Nagtatapon po ba kayo ng mga uri ng papel gaya ng papel na kahon/papel na bag/pambalot na papel at iba (iba pang basurang papel)?

Sa loob ng household garbage ay maraming resources na maaaring marecycle ang mga nakahalo. Lalo na ang papel na kahon/papel na bag/pambalot na papel at iba pa (at iba pang basurang papel) ay nasa 9.4% ang mga nakahalo sa basura sa pamumuhay sa Lungsod ng Sakai. Mangyari lamang na ang mga gaya nitong papel ay itapon sa pangkatang pangongolekta.

### Pangunahing halimbawa ng "iba pang basurang papel"




Papel na kahon



Papel na bag




Flyers



Papel para sa xerox at pag-memo



Pambalot na papel



Postcard, sobre

### At mga dapat tandaan sa pagtatapon ng "iba pang basurang papel"



- Ang papel na kahon ay buksan at ipatag.
- Ang mga parteng hindi papel (mga kabit ng metal na file ng papel, plastik ng kahon ng tisyu, window frame film ng mga butas-butas na sobre at iba pa) ay mangyaring alisin.

## Mga uri ng papel na hindi maaaring itapon sa pangkatang pangongolekta (Mga bagay na ipinagbabawal) Tandaan

Magiging hadlang sa pagrecycle, kaya mangyaring itapon sa household garbage.

Ang mga detalye tungkol "sa iba pang basurang papel" na mga bagay/paano magtapon at mga bagay na ipinagbabawal ay mangyaring ikumpirma na lamang sa website ng Lungsod.

### Isang parte ng halimbawa ng mga bagay na ipinagbabawal



Papel na may nakadikit na amoy



Maruming papel




Water proof paper



Carbon paper



Thermal na papel

2D barcode

# Tungkol sa programa para sa promosyon ng pagpapaganda ng bayan (Adopt System)

<Para sa mga Tanong>
Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7429

Nagrerehistro ng mga organisasyong handang magsagawa ng mga aktibidad sa pagpapaganda tulad ng paglilinis ng mga kalsada (bangketa) sa ilang lugar ng Lungsod ng Sakai bilang adopt organization, at nagpapahiram ng mga kagamitan sa paglilinis at iba pa, at nangongolekta rin ng basurang kinolekta ng organisasyon. Para mairehestro bilang adopt organization ay kailangang mag-apply sa Lungsod ng Sakai. Gayundin, may ilang kinakailangan.



**Kinakailangan**

① **Maaaring magsagawa ng aktibidad sa pagpapaganda nang 1 beses o higit pa sa isang buwan.**
② **Humugit-kumulang 5 o higit pang tao ang magsasagawa ng aktibidad**
③ **Walang ibang adopt organization na nakarehistro sa lokasyon kung saan matatagpuan ang bangketa.**

Gawing sanggunian ang mga detalye sa website.

## Ang ideya ng programa para sa promosyon sa pagpapaganda ng bayan sa Lungsod ng Sakai

Kung sa Ingles ay "ampunin" ang ibig sabihin.
Sa adopt system ay ang "public space (bata)" ay tinanggap ng "mamamayan o ng negosyante (magulang)", parang isang anak na may pagmamahal na sa pamamagitan ng regular na paglilinis at pagpapaganda, itinataguyod nito ang paglikha ng isang malinis at komportableng bayan.
Ang Lungsod ay susuporta sa ganyang aktibidad na pagpapaganda, maglalagay ng mga signboard sa mga parte ng aktibidad sa paglilinis bilang adopt sign upang maitaas ang kamalayan ng mga taong dumaraan sa pagpapaganda ng lugar (Sa mga nais na organisasyon lamang. May mga lugar na hindi maaaring lagyan).

## Daloy mula sa pagparehistro hanggang sa aktibidad

1) Sa ilang pampublikong lugar tulad ng bangketa, magsagawa ng mga boluntaryong aktibidad sa pagpapaganda ng kapaligiran, humigit-kumulang 5 katao o higit pa ang hahanapin na magsasagawa ng pagpapaganda (boluntaryo).

2) Ang kinatawan ng organisasyon na magsasagawa ng pagpapaganda ang magsusulat sa kinakailangang impormasyon sa application form, at mag-apply sa Lungsod.

3) Susuriin ng Lungsod kung naaangkop ba ang nilalaman ng application form.

4) Kapag sa resulta ng pagsusuri ay nakumpirma ng Lungsod na angkop ang nilalaman ng application form, magtatapos ito ng isang kasunduan sa ilang mga bagay sa pagitan ng kinatawan at ng alkalde.

5) Batay sa kasunduan, ang Lungsod ay patutunayan na ang lugar ng aktibidad ng kinatawan sa pagpapaganda ay "lugar na parte ng aktibidad sa pagpapaganda".

6) Batay sa kasunduan, ang Lungsod ay magpapahiram ng mga gamit sa paglilinis sa mga taong nagsasagawa ng aktibidad sa pagpapaganda, susuporta para maipasok sa seguro ang mga boluntaryo at iba pa.

7) Batay sa kasunduan, ang mga taong nagsasagawa sa aktibidad ng pagpapaganda pagkatapos ng aktibidad sa pagpapaganda ng kapaligiran ay kusang-loob na iipunin ang mga basura sa itinakdang lugar at saka tumawag sa Lungsod.

8) Ang Lungsod ang magtatapon ng basurang kinolekta ng mga taong nagsasagawa ng aktibidad sa pagpapaganda.

9) Batay sa kasunduan, ang Lungsod ay maglalagay ng signboard ng pangalan ng organisasyon sa pagpapaganda sa lugar na parte ng aktibidad sa pagpapaganda.

10) Ipopost ng Lungsod sa website nito ang mga aktibidad sa pagpapaganda ng mga sertipikadong organisasyon (sa mga nais lamang na organisasyon).

# Ang ilegal na pagtatapon ay isang krimen.

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7429

Ang ilegal na pagtatapon ng basura ay mahigpit na ipinagbabawal ng batas, kapag ilegal na nagtapon ay may mabigat na kaparusahan. (Pagkakakulong ng hanggang 5 taon o multang hanggang 10 milyon yen) (Kapag korporasyon ay 300 milyon yen), o pareho).
Kung nasaksihan ang eksena ng ilegal na pagtatapon, mangyari lamang na tumawag sa 110 na numero upang ireport sa pulisya.
Pakitingnan na lamang ang mga detalye sa website.

## 1. Tungkol sa pagsugpo ng ilegal na pagtatapon ng basura

Ang ilegal na pagtatapon ng basura ay mahigpit na ipinagbabawal ng batas, kapag ilegal na nagtapon ay may mabigat na kaparusahan. Ang Lungsod ng Sakai ay nakikipagtulungan sa pulisya para mapigilan ang ilegal na pagtatapon sa pamamagitan ng pagpatrolya sa madaling araw at gabi, at sa pamamagitan ng pag-install ng surveillance camera sa mga lugar kung saan regular na itinatapon ang basura.

## 2. Kasalukuyang sitwasyon sa ilegal na pagtatapon ng basura

Laganap ang ilegal na pagtatapon ng basura, kabilang na ang mga kalsadang kakaunti lang ang dumadaan na tao at bulubunduking lugar, at iba-iba ang uri ng basurang itinatapon gaya ng kasangkapang elektroniko sa bahay o kaya ay gulong at iba pa na sari-sari, at palala nang palala.

## 3. Magkaroon ng kamalayan na “Ang ilegal na pagtatapon ay hindi papayagan/hindi mapapatawad”!

Ang ilegal na pagtatapon ng basura ay hindi lamang nito sinisira ang kagandahan ng lugar, kundi maaari din na humantong sa polusyon sa kapaligiran. Ginagamit din ang buwis para sa pagtanggal at pagtatapon ng mga ilegal na itinapon. Kaya ang bawat mamamayan ay napakaimportanteng magkaroon ng kamalayan at interes sa “ang ilegal na pagtatapon ay hindi papayagan” “ang ilegal na pagtatapon ay hindi mapapatawad”.
Mahalaga rin na pagsikapang gawing tama ang pagtatapon ng basura dahil ang hindi tamang pagtatapon ng basura sa araw ng pagkolekta ay maaaring humantong sa iligal na pagtatapon.

## 4. Kung makakita ng ilegal na pagtatapon, tumawag agad sa 110 na numero!

(1) Kung nasaksihan ang eksena ng ilegal na pagtatapon, mangyaring tumawag sa 110 na numero upang ireport sa pulisya.
(2) Kung nakakita ng bagay na itinapon nang ilegal sa kalsada ng Lungsod ng Sakai, mangyaring tumawag sa nasa ibaba. Ang tungkol sa iba pang lugar na ilegal na tinapunan, mangyaring kumunsulta sa may-ari ng lupa.

| | |
|---|---|
| Community Affairs Division ng munisipyo ng Distrito ng Sakai | Telepono: 072-228-7624 |
| Munisipyo ng Distrito ng Naka | Telepono: 072-270-8175 |
| Munisipyo ng Distrito ng Higashi (Silangan) | Telepono: 072-287-8103 |
| Munisipyo ng Distrito ng Nishi (Kanluran) | Telepono: 072-275-1924 |

| | |
|---|---|
| Munisipyo ng Distrito ng Minami (Timog) | Telepono: 072-290-1815 |
| Munisipyo ng Distrito ng Kita (Hilaga) | Telepono: 072-258-6865 |
| Munisipyo ng Distrito ng Mihara | Telepono: 072-363-9312 |

## 5. Sa lahat nang may-ari (tagapangasiwa) ng lupa

Kung ang basura ay itinapon sa loob ng pribadong pag-aari na lupa, ang may pananagutan sa angkop na pagtatapon ay ang may-ari o tagapangasiwa ng lupa. Para hindi maging lugar para sa ilegal na pagtatapon ay mangyaring tandaan ang mga sumusunod na punto.

(1) Siguraduhig tanggalin ang mga damo at putulin ang mga sanga araw-araw. Ang lupa na hindi pinamamahalaan nang maayos ay nagiging target ng ilegal na pagtatapon.

(2) Bisitahin ang inyong sariling lupa nang madalas at pangasiwaan ito nang lubusan. Maglagay ng mga bakod kung kinakailangan upang maiwasan ang pagpasok ng mga taong hindi awtorisado, gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang panghihimasok. Bilang karagdagan, may ilang paraan sa ibaba bilang hakbang sa ilegal na pagtatapon.

- **Subaybayan sa pamamagitan ng surveillance camera**
- **Para sa kamalayan ay maglagay ng sign board na may nakalagay na abiso**

Sa website ng Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan ay nakapost ang disenyo ng babala na bawal ang ilegal na pagtatapon. Mangyaring huwag mag-atubiling gamitin ito.



Babala
Bawal ang ilegal na pagtatapon



Ireport sa pulisya agad kung may makita kang nagtatapon!!



Sa loob ng Lungsod ay may mga naaresto na.
Pinapalakas ang pagsubaybay

# Paraan ng pagtatapon ng basura sa oras ng sakuna

<Para sa mga Tanong> Dibisyong Namamahala sa Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7478

Kapag nangyari ang isang malaking sakuna, isang beses na maraming basura ang nabubuo nang sabay-sabay. Ang paghiwa-hiwalay ng mga basura at ang mabilis na pagproseso ay unang hakbang sa pagbawi at muling pagbangon mula sa nakaraang sakuna.
Hinihiling ang inyong pang-unawa at kooperasyon upang maibalik kaagad sa dati ang pamumuhay at muling maitayo ang Lungsod sa lalong madaling panahon.

## Household garbage

Binabalak na maibalik ang pagkolekta ng household garbage walang 3 araw pagkatapos ng sakuna. Kaya huwag magmadali at itabi muna sa loob ng bahay. Pagkatapos ng pagbabalik ng pagkolekta, ang pagtatapon ay gaya ng dati.
*Kung hindi makakapagkolekta dahil sa sakuna, ang araw ng pagkolekta ay maaaring baguhin.

## Resources (lata/bote, PET bottle, plastik na lalagyan at pambalot, maliliit na metal)

Dahil ang prayoridad ay kolektahin ang mga household garbage,
ang pagkolekta ng mga resources ay malamang na pansamantalang suspindehin. Sa sandaling maayos na ang sistema ay nailugar, ipagpapatuloy ang pagkolekto na ayon sa pagkakasunod-sunod, kaya itabi muna sa loob ng bahay.

## Basura mula sa paglilinis pagkatapos ng sakuna

Ang paghihiwa-hiwalay ng uri at ang paraan ng pagtatapon ng basura mula sa paglilinis (muwebles sa loob ng bahay na nasira nang sakuna, kasangkapang elektroniko at iba pa) ay ipapaalam sa website ng Lungsod depende sa sitwasyon ng sakuna.
*Ang mga hindi naman kinakailangan na itapon agad na bagay ay mangyaring panatilihin muna sa inyong lugar hangga't maaari.

## Sasakyan sa pagkolekta / araw ng pagkolekta at iba pa

Sa oras ng sakuna, may ibang sasakyan kaysa karaniwan (karaniwang trak at iba pa) ang posibilidad na kumolekta ng basura, kaya maaaring hindi makakapagbigay- abiso sa pamamagitan ng melody. Ang tungkol sa mga pangunahing bagay na kokolektahin at araw ng pagkolekta ay ipapaalam sa website at iba pa ng Lungsod kaya mangyaring kumpirmahin na lamang.

## Para maiwasan ang basura sa sakuna ay mag-ingat sa pang-araw- araw.

### Ang mga muwebles ay ayusin!

Ang mga muwebles at kasangkapang elektronikong kagamitan kapag isabit sa ding-ding at inayos na hindi matumba, ay maaaring maiwasan ang pinsala, na habang pinoprotektahan ang sarili, nakakatulong din ito na mabawasan ang mga basura sa oras ng sakuna.



### Ang mga hindi kailangan ay itapon!

Magiging lubhang mapanganib kung ang isang bagay na nakaimbak sa isang aparador o imbakan ay masisira sa mga sliding door o pinto at kakalat sa paligid ng silid at mamadaliin ang pagsasaayos. Sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga hindi na kinakailangang bagay tulad ng cathode ray tube na telebisyon, lumang computer at iba pa ay makakatulong na mabawasan ang mga basura sa oras ng sakuna.



*Ang paraan ng pagtatapon ay sa malalaking basura at aircon/telebisyon/refrigerator (freezer)/washing machine na pahina at iba pa tingnan ang sanggunian.

# Pagkuha sa namatay na aso/pusa at iba pang maliliit na hayop

<Para sa mga Tanong> Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan
Telepono: 072-228-7429

**Pangunahing bagay** Namatay na aso/pusa at iba pang maliliit na hayop (pet)



**Paraan ng pagkuha**

Kapag namatay ang pet at iba pa, sa planta ng sinusunog na basura (parehas sa basura ang pagsunog) o sa itinalaga ng Lungsod na korporasyon para mangasiwa sa pugon na eksklusibo para sa mga hayop sama-sama ang mga ito na susunugin. Pakitandaan na hindi maibabalik ang cremated remains/abo.Kung nais na ibalik ang cremated remains/abo o kaya ay nais na sunugin nang paisa-isa, mangyaring humiling sa pribadong sementeryo para sa hayop at iba pa.

## Aplikasyon

### ☐ Kung nais na ipakuha

1. **Mangyaring mag-apply ng pagpapakuha sa Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan.**
   Telepono: 072-228-7429 o FAX 072-229-4454
   Oras ng tanggapan Mula Lunes hanggang Biyernes (Puwera pista opisyal at mula Disyembre 29 hanggang 31)
   mula 9:00 a.m. hanggang 5:30 p.m.
   Sabado/pista opisyal (Puwera Linggo at Enero 1)
   mula 9:00 a.m. hanggang 1:00 p.m.
   *Sarado ang tanggapan nang Linggo at mula Enero 1 hanggang 3. Ang oras ng tanggapan mula Disyembre 29 hanggang 31 ay ipinaaalam sa website at iba pa.
2. Kukumpirmahin ang uri ng hayop, paraan ng pagsusunog, lokasyon para sa pagkuha, pangalan, at numero ng telepono.
3. Ang itinalaga ng Lungsod ng Sakai na kontratista ang kukuha(Sa kaso ng mga alagang hayop, kinakailangan ang presensiya).Sa kontratista magbayad ng kinakailangang bayarin.

### ☐ Kung ikaw mismo ang magdadala sa munisipyo ng Lungsod (Sakai-ku, Minami Kawaramachi 3-1)

1. Mangyaring makipag-usap sa security guard ng paradahan ng sasakyan.
   Ang oras ng tanggapan ay mula 8:30 a.m. hanggang 9:00 p.m. (Kasali na ang Sabado/Linggo/ Pista Opisyal/Katapusan ng Taon at Bagong Taon)
2. Gagabayan kayo ng security guard hanggang sa refrigerator para sa pagpapanatili at pag-imbak.
   Kung nais na sunugin sa isang pugon na eksklusibo para sa mga hayop ay mangyari lamang na sabihin sa oras na iyon.
3. Kung nais na sunugin sa isang pugon na eksklusibo para sa mga hayop ay magbayad ng kinakailangang bayarin.

## Bayarin

(Mula noong Abril 1, 2022 hanggang sa kasalukuyan)

| Paraan ng pagsunog/timbang | | Pagkuha | Pagdadala |
|---|---|---|---|
| Pagpapasunog sa planta ng pagsusunog<br>*Hindi tinitingnan ang timbang | | 1,900 yen | Libre |
| Ang pagsunog sa pugon na eksklusibo para sa mga hayop (bawat katawan) | Walang 2kg | 2,900 yen | 1,000 yen |
| | 2kg o mahigit 2kg, walang 5kg | 3,900 yen | 2,000 yen |
| | 5kg o mahigit 5kg, walang 10kg | 5,400 yen | 3,500 yen |
| | 10 kg o mahigit 10kg | 6,900 yen | 5,000 yen |

* ①Ang bayarin kapag ipapakuha ay nakapaloob na ang bayarin sa pagkuha na 1,900 yen.
②Sa isang beses na pagpapakuha kung mahigit sa 2 na katawan,ang bayad sa pang-2 at mga kasunod ay kapareho ng bayarin kung dadalhin mo mismo.
③Ang bigat kapag sa pugon na eksklusibo para sa mga hayop ipapasunog, ay kasama rin ang kahon/bag para sa maliliit na bangkay ng hayop at mga grave goods.
④Ang pagpapasunog sa pugon na eksklusibo para sa mga hayop ay tandaan na bawat isang katawan ang babayaran.
(Halimbawa) Ang walang 2kg na maliit na hayop na 10 katawan ang hiniling na kunin dahil sa pugon na eksklusibo para sa mga hayop nais na ipasunog
2,900 yen (1hayop) +1,000 yen×9 katawan (pang-2 hayop at mga kasunod) =11,900 yen

## Mga tala

①Kung nais na sa pugon na eksklusibo para sa mga hayop nais ipasunog, ang bangkay na maliit na hayop ay iimbak sa kahon/bag ang bawat isa.
②Ang para sa kahon/bag na iimbakan ng bangkay ng maliit na hayop, huwag gumamit ng iba maliban sa gawa sa papel (karton at iba pa), gawa sa tela, vinyl na supot. At ang mga grave goods ay gaya lamang ng bulaklak, uri ng tela, uri ng mga papel, pagkain(hindi maaari ang lalagyan).(Hindi maaari ang mga uri ng metal/plastik at iba pa)
③Kung nais na ipakuha ay hindi makakapagtakda ng oras. Bilang karagdagan, sa ilang mga kaso, ang pagkuha ay maaaring maganap sa ibang araw.
④Ang mga bangkay ng mga hayop na pinalaki para sa pagsasaka tulad ng baka/kabayo/manok/baboy/tupa/pato ay itinuturing na “industrial waste” kaya hindi maaaring kunin at dalhin. Mangyaring itapon nang naaangkop alinsunod sa batas para sa paglilinis at pagtatapon ng basura.

○Kung makakita ka ng asong gala, pusang gala, o iba pang maliit na hayop sa kalsada ay kukunin namin ito nang libre. Tumawag lamang sa loob ng oras ng tanggapan para sa pagkuha sa Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan. Hindi makakapagbigay ng eksaktong oras para sa pagkolekta. Gayundin, sa ilang mga kaso, ang araw ng pagkolekta ay maaaring sa ibang araw na. Gayunpaman, kung nais na ipasunog sa pugon na eksklusibo para sa mga hayop at pusa sa lugar at iba pa, ay tatratuhin na kapareho sa mayroon na may nagmamay-ari (pet).

# Paano paghiwa-hiwalayin

# Paraan ng pagtapon

## Resources

### Lata /Bote
Pangongolekta

Lata/bote ng pagkain, inumin at iba pa



Ang mga lata ng pang-spray at cassette cylinder ay sa maliliit na metal

Ang mga plorera, bote ng gamot, bote ng kosmetiko ay sa hindi masusunog na maliliit na bagay

Banlawan at itapon na hindi pinipipi.

Ang lata/bote ay magkasamang ilagay sa parehong supot



Ang mga detalye ay nasa pahina ng Paghihiwalay ng resources at basura +α Malawak na Diksyunaryo **1**

### Plastik na lalagyan at pambalot
Pangongolekta

Mga bagay na may nakadikit na marka para sa plastik




Ang mga bagay na madumi ay sa household garbage ilagay.




Banlawan bago itapon

Huwag doblehin ang supot

Ang mga detalye ay nasa pahina ng Paghihiwalay ng resources at basura +α Malawak na Diksyunaryo **2**

### PET bottle
Pangongolekta

Ang mamantika at madumi na bagay ay sa household garbage ilagay.

Mga bagay na may nakadikit na markang PET bottle




Ang takip at label ay sa plastik na lalagyan at pambalot

Banlawan at tupiin bago itapon



Ang mga detalye ay nasa pahina ng Paghihiwalay ng resources at basura +α Malawak na Diksyunaryo **3**

### Maliliit na metal
Pangongolekta

30 cm o mas maikli ang sukat at 80% o higit pa ng kabuuhan ay gawa sa metal




Hindi kasama ang kasangkapang elektroniko

Ang maduming uri ng metal ay sa hindi masusunog na maliliit na bagay

Ang lata ng spray/cassette cylinder ay
- Tiyakin na naubos ang laman
- Huwag butasan
- Ilagay sa ibang hiwalay na supot
- Sulatan ng "スプレー缶 (lata ng spray)" ang supot




Ang hindi pagsunod sa paraan ng pagtatapon ay nagiging dahilan ng maraming aksidente ng sunog!

Ang mga detalye ay nasa pahina ng Paghihiwalay ng resources at basura +α Malawak na Diksyunaryo **4**

## Basura

### Household garbage
Pangongolekta




Ang chips ng kahoy/scraps ng papel/mga tela ay walang 3 o mas kaunting supot (pagbigkisin) na walang 45l sa 1 beses




Ang mga detalye ay nasa pahina ng Paghihiwalay ng resources at basura +α Malawak na Diksyunaryo **5**

### Malalaking basura (May bayad)
Kailangan ng aplikasyon para sa pagtatapon

Humigit-kumulang na lumampas sa 30cm na matibay na mga kalakal at iba pa




### Hindi masusunog na maliliit na bagay (Libre)
Kailangan ng aplikasyon para sa pagtatapon

May maximum na sukat na 30cm o mas maikli na hindi nasusunog na bagay at pinagsama-samang materyales




Mag-apply muna sa sentro ng tanggapan ng malalaking basura

- **Telepono** (Tanggapan: Mula Lunes hanggang Biyernes mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.)
  - Mula sa fixed-line na telepono **0120-00-8400**
  - Mula sa cellphone/IP na telepono **06-6485-5048**
- **Internet** (24 oras ang tanggapan)

Nandito ang mga detalye

Mula sa website ng Lungsod hanggang sa eksklusibong pahina

Tanggapan sa internet ng malalaking basura sa Lungsod ng Sakai | Search

Ang mga detalye ay nasa pahina ng Paghihiwalay ng resources at basura +α Malawak na Diksyunaryo **9**

## Lokasyon ng Koleksyon

### Basura na may merkuryo at iba pa (fluorescent tube/may mercury na thermometer at iba pa)
Lokasyon ng Koleksiyon

Mga bagay na ginamitan ng merkuryo




Libreng kokolektahin sa box para sa pagkolekta na nakalagak sa mga lokasyon ng box para sa pagkolekta o sa mga tindahan na nakikipagtulungan para sa pagkolekta.

◀Nandito ang lokasyon na may nakalagak na box para sa pagkolekta / nakikipagtulungang tindahan sa pagkolekta.

Ang mga detalye ay nasa pahina ng Paghihiwalay ng resources at basura +α Malawak na Diksyunaryo **7**

### Maliit na kasangkapang elektroniko
Station Collections

Ang maliit na kasangkapang elektroniko ay maaaring ilagay sa box para sa pagkolekta na may sukat ang bukana ng (8cm×30cm)

Ang mga detalye sa mga target na item ay kumpirmahin sa pahina 8.

*Ang mga bagay na hindi maipapasok sa box ang laki at mga bagay na hindi maaaring kasangkapan ay sa malalaking basura/hindi masusunog na maliliit na bagay (P9) itapon.



Mangyaring ilagay sa box para sa pagkolekta na nakalagak sa munisipyo ng Lungsod, bawat munisipyo ng Distrito (puwera sa munisipyo ng Distrito ng Sakai), mga nakikipagtulungan na mga tindahan sa loob ng Lungsod (libre).

◀Nandito ang mga lugar na may nakalagak na box para sa pagkolekta

Ang mga detalye ay nasa pahina ng Paghihiwalay ng resources at basura +α Malawak na Diksyunaryo **8**


[Inisyu noong Abril, 2022] Publication Shelf Material Number 1-I3-22-0009



**Dibisyon ng Pampublikong Kalinisan, Departamento ng Pampublikong Kalinisan ng Kawanihang Pangkapaligiran ng Lungsod ng Sakai**

〒590-0078 Sakai-shi, Sakai-ku, Minami Kawaramachi 3-1
(URL) https://www.city.sakai.lg.jp/



A rank na mga materyales lang ang ginamit. Maaaring i-recycle ang papel.